# Mga basurang hindi nasusunog na kinokolekta sa mga Town Hall, atbp. isang beses bawat dalawang buwan


## Landfill waste



Mga palayok, paso, ceramic, pottery

Baso / mga babasagin







Bote ng kosmetiko

Bumbilya





Sirang fluorescent tube

## Maliliit na bagay na metal



Sirang payong

Palayok Takure





Kawali






Bakal na hanger

Mga maliliit na bagay na metal na mas mababa sa 25 cm tulad ng mga tinidor, kutsara, turnilyo, atbp.



## Buong fluorescent tube



Lokasyon/Petsa ng kolektahan ⇨

Tandaan ang mga sumusunod na punto

Itapon ang lahat sa parehong araw at lokasyon
Alisin ang mga kahon, pambalot na papel, atbp. bago ilagay sa lalagyan ng koleksyon.
※ Huwag maglagay ng mga de-koryente o mga delikadong bagay (mga bagay na maaaring masunog, atbp.)
※ Mag-apply at kumuha ng appointment para sa malalaking metal na basura.
※ Huwag maglagay ng mga plastik, kahoy, mga walang laman na bote o mga lata.

## Paano magtapon ng basura kapag papalapit ang bagyo o kapag may malakas na ulan

Itigil ang pagtatapon ng basura sa araw na iyon at itapon sa susunod na araw ng koleksyon.
Itigil ang pagtatapon ng basura kung may babala (major disaster, delikadong balita) kung saan ka nakatira, o kung may evacuation order ng 6am sa araw na iyon.

**Paghahanap ng wika mula sa homepage ng Kishiwada City**

岸和田市 Kishiwada City

Gamit ang Google translation, maaari mong i-translate ang homepage ng Kishiwada City sa English, Chinese (pinasimple), Chinese (tradisyunal), at Hangul.




QR code ng Dibisyon ng Pamamahala ng Basura

Kishiwada City Waste Management Division
Address: 2-4-30 Habucho, Kishiwada City
Telepono: 072 (423) 1461 FAX number: 072(436)0418
Kishiwada City Homepage https://www.city.kishiwada.lg.jp/ ⇒

令和７年発行

# Paano mag tapon ng basura sa Kishiwada City

Simpleng bersyon (Tagalog)

- ○Paghiwalayin ang basura bago itapon
- ○Mayroong mga patakaran kung anong araw, kailan sa araw na iyon, saan, at anong mga basura ang pwedeng itapon
- ○Itapon ang nakatakdang basura sa umaga ng araw na dadating ang trak ng basura (araw ng koleksyon) sa itinalagang tapunan (lugar ng koleksyon ng basura).
- ○Magtanong sa mga kapitbahay o sa may-ari (may-ari ng tinitirahan) kung saan ang lugar ng tapunan ng basura

Basahin ang signboard sa lugar ng tapunan kung kailan kokolektahin ang basura


## Ordinaryong basura (nasusunog na basura)

Kokolektahin ang basura tuwing … at …

Kokolektahin ang basura kahit sa araw na walang pasok

Ilagay ang ordinaryong basura (nasusunog na basura) sa nakatakdang plastik bag (nakatakdang plastik bag ng Kishiwada City).
Nabibili ang itinalagang plastik bag sa mga supermarket o convenience store

- 45 litrong plastik bag 450 yen (10 piraso)
- 30 litrong plastik bag 300 yen (10 piraso)
- 20 litrong plastik bag 200 yen (10 piraso)
- 10 litrong plastik bag 100 yen (10 piraso)



Mga araw-araw na basura mula sa kusina gaya ng mga scrap ng gulay at isda



basura ng sigarilyo, tissue, mga pirapirasong papel



konting damo o mga sanga



Mga nasusunog na basurang gawa sa plastik (balde, CD, toothbrush, plastik tank, plastik container, atbp.), damit, sapatos, stuffed toys, bag, atbp



Balde




CD



Toothbrush



Plastik tank



Plastik container



Damit



Sapatos



Stuffed toys



Bag

Tandaan ang mga sumusunod na punto
- Alisan ng tubig ang basura bago itapon
- Ilagay sa nakatakdang plastik bag at itali bago itapon

naglalaman ng kahalumigmigan





Basahin ang signboard sa lugar ng tapunan kung kailan kokolektahin ang basura


## walang laman na bote, mga lata, at mga plastik na bote

Kokolektahin ang basura tuwing …

Kokolektahin ang basura kahit sa araw na walang pasok

Ang mga walang laman na bote, mga lata, at mga plastik na bote ay dapat ilagay sa isang transparent na plastik bag. Hanggang 45 litrong plastik bag lamang.

Mga walang laman na bote ng pagkain, inumin, condiments, atbp.




Mga walang laman na lata ng juice o beer




Mga walang laman na lata ng candy o snacks




Mga walang laman na lata ng de-latang pagkain

PET bottle (plastik na bote na may markang PET)





Gas cartridge  Lata ng spray

Siguraduhin na ubos ang laman, lumabas muna ng bahay bago butasan at saka itapon




Tandaan ang mga sumusunod na punto

- Hugasan ng tubig bago ilagay sa plastik bag
- Ilagay sa plastik bag at itali bago itapon



## Mga plastik na lalagyan at packaging

Kokolektahin ang basura tuwing …

Kokolektahin ang basura kahit sa araw na walang pasok

Ilagay ang mga plastik na lalagyan at packaging sa transparent na plastik bag. Hanggang 45 litrong plastik bag lamang.

Ilagay ang mga bagay na may markang Pura(plastik).

Mga plastik bag ng tinapay, snacks, atbp.
Mga packaging film, plastik grocery bag





Label at takip ng plastik na bote






Mga lalagyan ng shampoo, detergent, atbp.




Mga lalagyan ng cup noodles, convenience store bento, atbp.
Mga pakete ng itlog, tofu, atbp.

Tandaan ang mga sumusunod na punto

- Ang mga bagay na walang markang Pura(plastik) ay dapat itapon sa ordinaryong basura (nasusunog na basura).
- Itapon ang mga maruruming bagay sa ordinaryong basura (nasusunog na basura)
- Hugasan ng tubig bago ilagay sa plastik bag

# Malalaking basura (malaki at hindi nasusunog na basura)

○ Kailangan na tumawag para mag-apply ng appointment
○ May bayad ito




○ Ang presyo ay depende kung ano at ilan ang itatapon

**Tumawag sa 072-433-0053**

Tumawag mula Lunes hanggang Biyernes, mula 9 a.m. hanggang 5:30 p.m.

| Tiket para sa pagtapon ng malaking basura | Paano kilatisin ang klase ng basura |
|---|---|
| 500 yen | Kasya sa isang 45 litrong bag o may kabuuang haba na 3 gilid (taas, lapad, lalim) sa loob ng 3m |
| 1,000 yen (dalawang 500yen na tiket) | Isang item na may kabuuang haba na 3 gilid (taas, lapad, lalim) na higit sa 3m |




○ Nabibili ang tiket sa mga supermarket o convenience store

Tanungin sa pinagbilihan kung saan maaaring itapon ang basura na hindi kinokolekta ng Kishiwada City.

※ Mga hindi maaaring itapon na malalaking basura: Air conditioner, TV (cathode ray tube, LCD/ plasma), refrigerator/freezer, washing machine/dryer ng damit

※ Ang mga computer ay kinokolekta at nire-recycle ng maker at hindi maaaring itapon sa malalaking basura.
Tumawag at magtanong sa PC 3R Promotion Association 03-5282-7685.

※ Ang mga bisikleta na may motor (mini bike / motorsiklo) ay hindi maaaring itapon sa malalaking basura.
Tawagan at magtanong sa Automotive Recycling Promotion Center 050-3000-0727.